PULANG SILANGAN

REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MAMAMAYAN SA SILANGAN GITNANG LUZON

Marso-Abril 2023



# MAMAMAYAN Baliktarin ang TATSULOK

Nobenta'y nuebe porsyento laban sa isang porsyento. Mamamayan laban sa iilan lamang na nasa tuktok ng tatsulok ng lipunang Pilipino. Ang pagkakaisa ng mamamayan para ituon ang tulis ng sibat sa pinakasagad-saring kalaban ng mamamayan ang layunin ng pagbubuo ng rebolusyunaryong nagkakaisang prente.

Namumunini ngayon sa kapangyarihan ang tambalang Bongbong Marcos Jr at Sara Duterte-Carpio. Sila ang kumakatawan at nagtataguyod sa interes ng isang porsyentong nakaupo ngayon sa estado poder. Nagkakasundo sila sa pagsasamantala sa lakas paggawa at likhang produkto ng halos nobenta porsyentong masang anakpawis — manggagawa at magsasaka. Pinakikinabangan nila ang talento at serbisyo ng maliit at panggitnang burgesya. Kontrolado nila ang pulitika, ekonomya, kultura at militar ng bansa.

Isang porsyento lamang sila na tagapagtaguyod sa tradisyon ng makauring kataksilan ng malaking burgesya. Nangangayupapa at nagpapaligsahan sa paboritismo ng imperyalistang US. Magkakakutsaba pero naggugulangan. Parehong parasitiko pero naglalabanan para sa mas malaking parte ng ninanakaw na yaman ng bansa.

Isang porsyento lamang sila na tigreng papel. Nakasalig sa lakas ng AFP, PNP at mga bayarang mamamatay-tao. Nakasandal sa suporta ng gubyernong US. Pero sa kaibuturan ay takot na takot sila sa pagbibigkis ng nobenta'y nuebe porsyento. Ang pagbaling nito sa sukdulang kalupitan ay nagpapakita lamang ng labis na takot nito sa pagkakaisa ng mamamayan sa patriyotikong adhikain at pagtataguyod ng tunay na kalayaan at demokrasya.

Tayo ang nobenta'y nuebe porsyento. Mayroon tayong Partido Komunista ng Pilipinas o Communist Party of the Philippines na inilalapat ang pandaigdigang katotohanan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa kongkretong kalagayan ng rebolusyong Pilipino. Meron tayong Bagong Hukbong Bayan o New People's Army na tipunan ng armadong paglaban ng mamamayan. Meron tayong National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na solidong lakas ng iba't ibang uri at sektor na sumusuporta at nagtataguyod sa demokratikong rebolusyong bayan sa iba't ibang antas at anyo.

Nasa atin ang lakas ng mamamayan! Ibagsak ang rehimeng US-Marcos Jr. Makibaka, huwag matakot! Baliktarin ang tatsulok.🔥

# Kalsada para sa magsasaka

## o para sa kaunlaran ng iilan?




Ilang milyong Pilipino na nga ba ang napalayas para bigyang-daan ang pagtatayo ng mga kalsada? Bukambibig palagi ng gubyerno na para sa kaunlaran ng magsasaka ang mga tinatayong farm-to-market road o kalsadang magdudugtong sa mga liblib na lugar at merkado para sa mas mabilis na transportasyon ng mga produkto ng magsasaka. Pero, ano pang silbi ng kalsada sa magsasaka kung pagkatapos nito'y mawawalan naman sila ng lupa?

Ito ang malaking tanong at pangamba ng mga katutubong Dumagat na naninirahan sa kahabaan ng baybay-dagat ng Dingalan at San Luis, Aurora. Habang papalapit ang pagkumpleto sa tinatayong Dika Road ay papalapit din ang pagpapalayas sa kanila sa lupaing ninuno. Sinimulan na silang i-relocate sa mas mababa at bahaing parte ng Dikapanikian. "Ang sabi samin, lilipat kami para hindi na kami bahain sa lumang baryo. E yung pinaglipatan naman sa amin, kahit hindi bagyo, binabaha kami at nawawasak ang bahay dahil dikit masyado sa dagat. Kalaunan, makikita na lang namin na yung mga sundalo na ang nagkakampo sa lumang baryo," galit na sambit ng isang matandang Dumagat.

Hindi naman talaga kalsada para sa magsasaka ang Dika Road kundi para ito sa eko-turismo. Sa katunayan, maraming negosyante at artista na ang nagkumahog na bumili ng lupa at kabundukan sa coastal kahit labag ito mismo sa batas ng reaksyunaryong gubyerno. Ilan sa mga sikat na artistang nakabili ng lupang ninuno ay sila Coco Martin at Dingdong Dantes. Inaasahang mas tataas pa ang ispekulasyon sa lupa pag natapos na ang kalsada.

Kahit pa nga lumikha ng trabaho ang planong eko-turismo, tiyak na mas marami pa rin ang mawawalan ng tirahan at kabuhayan.

Bantay sarado rin ng 91st IB ang kalsada at taumbaryo. Pamalagian ang kanilang pagroronda at paniniktik sa sinumang matunugang tutol sa ginagawang kalsada. Binabarat din ang kanilang mga huling isda ng mga sundalong araw-araw ay naghahanap ng pulutan. Takot at abala ang dulot ng pagkakampo ng 91st IB sa baryo. Hindi makapagyantok at hanting ang mga masang katutubo sa tuwing nag-ooperasyon at rekorida ang mga sundalo kaya lalo silang nababaon sa utang.

Tiyak na matutulad ang mga katutubong Dumagat sa mga magsasakang nawalan ng lupa nang itayo ang Central Luzon Express Way (CLEX), Dalton East Alignment Road Project (DEARP), New Clark City at marami pang iba kung hindi sila magpapasyang kolektibong labanan ang anti-mahirap na proyektong ito. Sa paglaban, may tsansang manalo. Sa pananahimik at pagkatakot, tiyak na ang pagkatalo. Lupang daang-taong pinagtanggol at inilagaan ng mga ninuno, tiyak na maglalaho.🔥

*Tiyak na ang mga dating tirahan, kaingin at pangalapan ng mga katutubong Dumagat ay magiging resorts at pook pasyalan na lamang ng mayayaman.*



## Aha! Kaya pala!

# Niratsada ng kongreso ang pagpasa sa Cha-cha

## Sa dinami-rami ng nakahaing batas gaya ng GARB, bakit nga ba nauna pang ipasa ang Cha-cha?


Simple lang naman ang sagot dyan mga ka-PS! Sa Cha-cha o Charter Change, mapapasayaw ang mga buwaya sa kamara dahil tiyak na limpak-limpak na pera at lupa ang kanilang makukubra! Samantalang sa GARB o Genuine Agrarian Reform Bill, isang batas na nagsusulong ng tunay na reporma sa lupa para sa mga magsasaka, eh sila ang mawawalan ng lupa!

Ganito kasi yan. Ang Cha-cha ay naglalayong baguhin ang konstitusyon ng Pilipinas para lalong ibuyangyang ang Pilipinas sa mga masisiba ngunit barat at dayuhang mamumuhunan. Gaya ng lumang tugtugin, lilikha diumano ito ng maraming trabaho at uunlad ang ekonomiya ng Pilipinas. PERO, ang totoo nyan mga ka-PS, dadaigin pa ng Cha-cha ang pinakamalakas na bagyo sa delubyong idudulot nito sa mahihirap lalo na sa uring magsasaka! Dahil pag naisabatas na ito, pwede nang buo-buong magmay-ari ng lupa at negosyo ang mga dayuhan sa Pilipinas. Pwede nilang bilhin lahat ng maibigan nilang lupain at gawin nilang pasyalan, resort, palaruan o golf course, malls at mga condominium na mayayaman lang naman ang makikinabang! Pwede tayong mapalayas maging sa ating mga kaingin. Dayuhan na ang magmamay-ari ng malalaking lupain sa Pilipinas habang iskwater naman ang mahihirap na Pilipino sa sariling bayan.

Ito pa mga ka-PS ang malupet! Galing sa dugo at pawis ng mahihirap ang pondong ilalaan para sa pagbabago ng konstitusyon. Sampung libo lang naman kada araw ang sahod ng mga mahahalal na delegado sa Constitutional Convention o Con-Con. Tinatayang P270 milyon o higit pa ang ilalaan para rito. Walang badyet para sa ayuda, pero may badyet para sa Cha-cha!

At alam nyo ba mga ka-PS, pwedeng maulit ang malagim na kasaysayan ng Pilipinas noong Batas Militar? Tanda nyo pa po ba mga lolo at lola? Ang Cha-Cha ang naging tulay sa pagkakabuo ng Konstitusyong 1973 na naglegalisa sa pagiging diktador ni Marcos Sr! Kaya kahit na kunwari'y hindi nakikialam si BBM sa Cha-Cha e malamang na parehas lang sila ni Duterte ng pakay — ang pahabain ang kanilang termino para makapagbulsa pa ng mas malaking yaman ng bansa!

Kaya mga ka-PS, bata man o matanda, dapat tayong makialam. Huwag nating hayaang iguhit ng mga nakaupo ang ating kapalaran. Sama-samang tutulan ang Cha-Cha! 🔥



# Alam niyo ba ?



Narinig niyo ba o nakita ang malalakas na pasabog sa Fort Magsasaysay noong Abril uno? Hindi iyon shooting ng pelikula mga ka-Pulang Silangan. Iyon ay totoong pasabog!


Bahagi ito ng isinasagawang pagsasanay ng magkasanib na tropa ng 25th Infantry Division, 5th Infantry Division, 7th Infantry Division at 1st Brigade Combat Team ng AFP at 3,000 sundalong Kano sa ilalim ng US Army Pacific (USARPAC) na idinaos noong Marso 13 hanggang Abril 4.

Ang tawag sa pagsasanay na ito ay rocket system live-fire exercise. Layunin diumano nito na pahusayin pa ang kasanayan ng AFP sa malayuang pagtarget sa kalaban.

Para sa sambayanang Pilipino, lalo na sa masang magsasaka, ito ay pagwawaldas sa pondo ng bayan. Kung bawat rocket na pinapakawalan nila sa treyning ay inilaan na lang sana sa ayuda sa magsasaka at serbisyong pangkalusugan. 🔥

Napag-alaman ng yunit ng NPA-Nueva Ecija na marami pala ang kaso ng pagkakasakit ng polio sa Gen. Tinio. Karamihan ay mga Dumagat ang tinamaan.

Nadatnan ng mga kasama ang isang pamilya na halos nalulumpo na. Walang lakas ang kanilang mga binti, may mga nilalagnat, at may ilang kaso na unti-unting lumiliit ang binti. Halos buong komunidad pala nila ay ganito ang karamdaman. Laking pasasalamat nila na dumating ang NPA. Pinaliwanag sa kanila ang pinag-mumulan ng sakit na polio at kung paano ito maiiwasan. Kinampanya ang paglilinis sa pinagkukunan ng inuming tubig, pagpapakulo ng inumin at mga pagkaing mayaman sa phosporous para sa agaran nilang paggaling. Nagsagawa din ng serye ng akupangtura ang mga kasama sa mga may sakit.




Ang sakit na polio ay malalabanan kung ang indibidwal ay nabigyan ng bakuna kontra-polio noong sanggol pa lang. Kabilang dapat ito sa libreng serbisyong pangkalusugan na dapat tamasahin ng mamamayan. Ang kapabayaang ito ng reaksyunaryong gubyerno ay patunay sa kabulukan ng sistemang pangkalusugan ng bansa.

Sa pamamagitan lamang ng demokratikong rebolusyong bayan maisasakatuparan ang libre, epektibo at maka-masa na serbisyong pangkalusugan.

# Doktor ng Masa

"Ada dan!" o "Nandyan na sila!" sigaw ng matandang Igorot sa kanyang mga kababaryo na matagal na palang naghihintay sa pagdating ng Bagong Hukbong Bayan sa kanilang baryo.

"Noong nakaraan pa namin kayo hinihintay na magawi rito mga kadua," nagsusumamo at nakangiting sabi ng isa pang mas nakatatandang Igorot na mukhang nangayayat dahil sa matinding ubo. "Nabalitaan namin ang inyong panggagamot sa dulong baryo at ang inyong libreng pag-oopera sa bukol ni Apong Baloy."



Nangingiting napakamot na lang ng ulo ang mga kasama na sinikap pang marahang maglakad nang walang ilaw sa loob ng ilang gabi para maisikreto ang kanilang pagpasok sa baryo. Alam na alam na pala ng buong bayan ang kanilang presensya at direksyon sa kabila ng mahigpit na pagbibilin sa paglilihim para sa pangangalaga sa seguridad. Hindi naman nila masisi ang mga masang Igorot dahil sa kawalan ng perang pampagamot at layo ng mga ospital sa kabundukan ng Nueva Vizcaya, kalakhan sa kanila ay umaasa lamang sa libreng serbisyong medikal ng BHB. Kaya talagang sa tuwing magagawi roon ay inaabangan at talagang hinahanap pa ang mga kasama. Dala-dala nila ang samu't saring gulay bilang kanilang munting pasasalamat sa panggagamot ng mga kasama.

Samantala, sa isang pondohan naman ng mga katutubong Dumagat sa Gabaldon, Nueva Ecija, tumambad sa mga kasama ang nakaluwa at nagnanaknak nang bukol sa paa ni Tatay Ilyo. Walong taon na raw niya itong iniinda na nagsimula lamang sa isang maliit na sugat na hindi niya pinansin. "Isa o dalawang beses nga lang kami kumain ng kanin sa isang araw, paano pa ko magpapagamot?" Huminto na sa pag-aaral ang kanyang nag-iisang anak na si Jessa dahil hindi na talaga niya maitapak man lang ang kanyang talampakan. Kahit hindi na makalakad, nagtitiyagang magpabalik-balik ang mag-ama sa ospital at opisina ng baranggay, meyor, gobernador, DSWD, IPs at marami pang iba para manlimos ng kaunting tulong. Bawat byahe ay kirot sa bulsa dahil matagal nang di makatrabaho si Tatay at nakaasa lamang sila sa utang o mga kakilalang maaawa sa kanila.

Dahil sa tindi ng operasyong militar, hindi nagawang operahan ng mga kasama si Tatay Ilyo. Napilitang umalis ang mga kasama na tanging acupuncture session at mga payo sa tamang paglilinis ng sugat ang naibilin kay Tatay Ilyo.

Kung tutuusin, obligasyon ng gubyerno na tiyaking malusog at libreng makakapagpagamot ang sinumang maysakit na Pilipino. Milyon-milyong masang Pilipino ang nagbabayad ng napakamahal na buwis sa gubyerno ngunit di nakakatamasa ng maayos at mura kundiman libreng serbisyong pangkalusugan dahil sa kapabayaan ng gubyerno. 🔥

*Sa halip na maglaan ng pondo para sa pagpapaunlad ng serbisyong pangkalusugan, mas prayoridad ng gubyerno na maglaan ng pondo pambayad utang at pondo sa militar at kontra-insurhensyang gyera.*

# Kwentong Pugay!

# Pagpupugay kay Ka Rommel Tucay

Pwede siyang maging sinuman o anupaman sa taglay niyang talino at abilidad — guro, abugado, brodkaster, manunulat, doktor, pulitiko. Pero pinili niyang maging kasapi ng Bagong Hukbong Bayan pagtuntong niya ng edad desi-otso noong 1997.

Malugod niyang tinanggap at ginampanan ang ibat ibang tungkulin sa iba't ibang bahagi ng Gitnang Luzon. Bilang mandirigma ng BHB at batang kadre ng PKP, gumampan siya ng gawain sa paghahanda ng larangang gerilya sa Tarlac kung saan siya unang sumampa. Agad din siyang naging bahagi ng yunit ng BHB na kumilos rito. Kabilang siya sa mga nagboluntaryong maging bahagi ng pagpapalawak sa East Pangasinan noong 1999. Nahuli at nakulong, pero agad ding bumalik sa rebolusyonaryong pagkilos pagkalaya. Mula doon ay naitalagang pampulitikang instruktor sa Zambales noong 2004 hanggang 2005 kung saan aktibo siyang naging bahagi sa paglalansag sa bandidong RHB.

Noong huling bahagi ng 2005 ay ibinalik siya sa Silangan. Kabilang siya sa mga pangunahing kadre ng Partido sa Aurora na nanguna sa pagpapanibagong sigla ng armadong pakikibaka, pagsasaayos ng baseng masa at pagsusulong ng mga pakikibakang magsasaka.

Nalipat siya sa Caraballo noong 2010 bilang kalihim ng Komiteng Larangan at bilang PI ng isang platun. Pinangunahan niya ang pagpupursige sa gawaing rekoberi. Nadakip siya ng kaaway noong December 2017. Pagkalaya sumanib siya sa Platun ng Sierra Madre at tumayong pampulitikang instruktor mula 2018.

Hindi natinag ang kanyang katatagan sa dinanas na mga pahirap sa kamay ng kaaway sa dalawang beses na pagkakabihag. Tinanganan niya ang sinumpaang "pangangalagaan ang kaligtasan ng Partido at lahat ng kasama ko buhay ko ma'y ialay kung kinakailangan. " Hindi siya nakipagkompromiso sa kaaway kapalit ng kanyang kalayaan o matatamis na pangako. Hindi nasikil ng bilangguan ang kanyang diwa. Hanggang sa loob ng bilangguan ay sinikap niyang itayo ang respeto at prestihiyo ng Partido at rebolusyonaryong kilusan. Patuloy siyang nagpursige na panatilihing buhay ang ugnay sa malawak na masa at makapag-ambag pa rin sa pagtugon sa kanilang kapakanan. Higit lamang na nagpalakas sa kanyang galit sa estado ang pagkasawi ng kanyang kabiyak sa isang labanan habang siya'y nakabilanggo.

## Komunista. Pulang Kumander.

Siya si Ka David, Ka Elmo, Ka isaac, Ka Samwel, Ka Istib, Ka Melvin, Ka Roman.

Sa mga kasama at masang kasama niya sa buhay-kamatayang pakikibaka, siya ang makulit, masayahin, maingay pero matiyaga, pursigido, determinado at seryosong rebolusyunaryo.



Isa siyang tunay na Komunista. Kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas. Kagawad ng Komiteng Rehiyon sa Gitnang Luzon.

Isinabuhay niya ang Marxismo-Leninismo-Maoismo sa arawang paggawa. Propagandista-ahitador! Sing-buo ng kanyang boses ang kanyang mga paglilinaw, payo at panghihikayat sa wastong rebolusyonaryong linya. Singtalim ng kanyang panulat ang talas ng kanyang mga pagsusuri sa kalagayan at ang kanyang pagguhit sa pagitan ng tama at mali.

Matapang na kumander. Magiting sa mga labanan! Hanggang sa kanyang huling hininga, ipinakita niya ang kagitingan ng isang pinagpipitagang Pulang Kumander. Sa harap ng pasistang militar ng rehimeng US-Duterte, walang takot sa kamatayan na nakipagsagupaan siya ng tapang. Pusta ang buhay at prinsipyo sa pakikipaglaban!
Ika-12 ng Marso, 2021. Dinilig ng kanyang dugo ang tigang na lupain ng Brgy. Kimbutan, Dupax. Del Sur, Nueva Viscaya.

Siya ay isang bayani. Hindi dahil ginusto niyang maging tanyag na indibidwal. Ang mamamayan at mga kapwa nya rebolusyunaryo ang kumilala nito dahil sa kanyang tapat at buong pagsasabuhay ng diwa ng paglilingkod sa sambayanan.

*Mabuhay ang walang kamatayan na ka Rommel Tucay!*🔥

# Ika-54 Anibersaryo ng NPA, Ipinagdiwang



Sa kabila ng tuloy-tuloy na operasyong militar kaugnay sa magkasunod na isinagawang Salaknib at Balikatan exercises sa saklaw ng mga larangang gerilya sa Gitnang Luzon ay pinagdiwang ng mga Pulang Kumander at mandirigma ang ika-54 anibersaryo ng NPA. Wala mang magarbong handaan at maramihang pagtitipon, ang araw na ito ay espesyal na okasyon ng pananariwa sa maringal na tradisyon ng armadong pakikibaka ng sambayanang Pilipino laban sa pyudalismo, burukratang kapitalismo at imperyalismo. Okasyon din ito upang higit pang pagtibayin ang pagkakaisa ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng Bagong Hukbong Bayan at ng malawak na masa sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Sa temang, **"Papulahin ang Silangan. Isulong ang digmang magsasaka. Palakasin ang NPA,"** Ipinagbunyi ng mga rebolusyunaryong pwersa sa Silangan Gitnang Luzon ang mga natamong tagumpay sa nagdaang taon. Taliwas sa pahayag ng AFP na wala ng NPA sa Sierra Madre, makabuluhan ang inabot ng gawain ng NPA sa pag-aayos ng mga rebolusyunaryong organisasyon ng masa, pagsusulong sa kanilang karapatan at kagalingan at pagpapakilos sa masa para sa armadong rebolusyon.

Samantala, serye naman ng pagdiriwang sa anibersaryo ng Partido at Hukbo ang inilunsad ng NPA - Kanluran GL. Nilahukan ito ng mga kasapi ng Partido sa lokalidad, mga milisyang bayan at mga masa sa kulumpon ng mga baryong kanilang pinaglunsaran. Matampok na kaganapan sa mga pagdiriwang na ito ang muling panunumpa sa PKP ng mga lokal na kasapi, at mga pahayag ng pakikipagkaisa at paglahok sa digmang bayan ng mga masa sa lokalidad. 🔥

# Kung walang hukbo, Wala ni anuman ang masa

"Hindi ko talaga malilimutan ang unang kita ko sa mga kasama. Para silang naging superhero naming mga magyayantok," masayang pagbabahagi ni Ka Bagis, isang katutubong Dumagat, sa isang RTB o Rebolusyonaryong Talakayang Buhay.

Taong 2015 nang hakutin ng isang ahente ang mga kabataang Dumagat na taga-Umiray papuntang Isabela para magyantok. Dalawampu silang naengganyo dahil sa pangakong malaking kita. Palayo na rin ng palayo ang pinagkukuhanan ng yantok sa Umiray, binabarat pa sila ng buyer. Kulang na kulang pang pagkain ang P30/sako na kinikita nila sa pagsisiit o pamumulot ng kahoy sa ilog na ginagawang pang display sa mga bahay o garden.

Kalakhan sa kanila ay no read, no write. Ni hindi nga alam ni Ka Bagis, kung anong petsa siya pinanganak, basta sabi ng Nanay niya, tagbunga noon ng Balobo. Limang buwan silang nakipagbuno sa kakahaltak at hila pababa ng mga yantok. "Madalas hindi na kami nag-aalmusal non, basta may maskada, ayos na!" natatawang pagbabahagi ni Ka Bagis sabay duprak.

Katatapos lang ng likidasyunan nang mapadaan ang isang yunit ng New People's Army sa kanilang pondohan. "Ang totoo nyan mga kadua, binalak na naming patayin yung amo namin. Ang sabi sa amin noon, tigli-limang libo ang makukuha namin sa limang buwang pagyayantok.

Nung maideliber na namin lahat, aba eh may utang pa raw kami sa kanya! Buti na lang dumating mga kasama noon, kung hindi baka nakakulong na kami ngayon," emosyonal na pagbabahagi ni Ka Bagis.

Paliwanag ng mga kasama, "Hindi iisang ahente ang ating kalaban kundi ang uring panginoong maylupa na kanilang kinabibilangan. Hindi ito malulutas ng pagpaslang sa isang ahente.

**Kailangang pahinain ang mismong naghaharing uri na kinakatawan at pinangangalagaan ng naghaharing estado.**

Sa taktika, isa-isa nating gugupuin ang mga naghaharing uri sa pamamagitan ng paglulunsad ng rebolusyunaryong agraryo at iba pang pampulitikang pagkilos. Ang sagad-saring kontra-mamamayan at kontra sa rebolusyunaryong kilusan ay gagawaran ng karampatang kaparusahan batay sa kanilang pananagutan. Sa ultimo, ibabagsak natin ang naghaharing estado na kumakanlong at nagtataguyod sa pyudal na pagsasamatala sa mga magsasakang tulad mo. Para mangyari ito, kailangang palakasin ang NPA na siyang nagbibigkis sa pagkakaisa ng masang magsasaka sa buong bansa."

Balik ulit sa pagsisiit sa Umiray. Apat na buwan ang nakalipas nang mapapadaan sa kanilang kubo ang isa pang yunit ng NPA. Hindi na niya pinalagpas pa ang pagkakataon, nagpasya na siyang sumapi sa NPA. "Gaya ng magyayantok, mahirap din pala ang buhay ng NPA. Minsan wala ring makain, mabigat ang dala, binabagtas ang masusukal na bundok. Ang kaibahan lang, yung pagod ng magyayantok ay mga mapagsamantala ang nakikinabang, sila ang lalong yumayaman. Samantalang ang pagod ng NPA, maglilingkod sa uring pinagsasamantalahan, gaya naming mga Dumagat," masaya niyang pagtatapos. 🔥



# 21 gun salute para kina kasamang Benito Tiamzon, Wilma Austria Tiamzon, at walo pang mga Martir ng Catbalogan, Samar











Pagkatanggap sa pahayag ng Kawanihan sa Pulitika ng Komite Sentral ng PKP noong Abril 20 tungkol sa kumpirmasyon sa karumaldumal na pagpaslang kina kasamang Benito "ka Laan" Tiamzon, Wilma Austria "ka Bagong Tao" Tiamzon at walo pang kasama sa Catbalogan Samar, kinabukasan din ay nagsagawa ng Pulong Parangal at matahimik na 21 gun salute ang NPA - Silangan GL. Kasalukuyang nagmamaniobra noon ang yunit dahil sa tuloy-tuloy na isinasagawang joint military exercises ng AFP at tropang Kano sa erya kaya hindi na nito nagawang sumabay sa pambansang panawagan na idaos sa April 24 ang naturang Pagpupugay, kasabay sa pagdiriwang sa ika-50 anibersaryo ng NDFP.

Ibayong katatagan, ibayong makauring tapang at pagpupunyagi sa pagtatagumpay ng digmang bayan ang tugon ng mga rebolusyunaryong pwersa sa Silangan Gitnang Luzon sa pagpaslang ng rehimeng US-Bongbong Marcos sa mga pinagpipitagang lider ng rebolusyonaryong kilusan sa bansa. Sa pagtatagumpay lamang ng digmang bayan maigagawad ang rebolusyonaryong hustisya sa lahat ng biktima ng naghaharing estado. 🔥

**Pulang Saludo!**

Sa mga bayani ng bayan

